# PARA SU TALON AT IMPORMASYOM

## IMPORMASYON UKOL SA SUMASAKAY SA TRANSIT

**King County Metro Transit**
Rider information (206) 553-3000
www.kingcounty.gov/metro
Twitter @kcmetrobus

**Community Transit**
(425) 353-7433 (RIDE)
www.communitytransit.org
Twitter @MyCommTrans

**Pierce Transit**
(253) 581-8000
www.piercetransit.org
Twitter @PierceTransit

**Sound Transit**
1 (888) 889-6368
www.soundtransit.org
Twitter @SoundTransit

**Amtrak**
1 (800) 872-7245
www.amtrak.com

## MGA PAARALAN

Makinig sa lokal na himpilan ng radyo at television para makakuha ng impormasyon sa mga pagsasara ng paaralan at mga pagbabago sa schedule. Mangyari lang tiyakin na manatiling nasasapanahon sa mga impormasyon tungkol sa snow at ice sa inyong mga kasamahan sa lokal na paaralan.

**Seattle Public Schools**
www.seattleschools.org
Twitter @seapubschools

## MGA PAARALAN

**Impormasyon sa mga Wika maliban sa Ingles**
www.seattle.gov/transportation/winterweather.htm

## PAG-AAYOS NG KALSADA

**Seattle Department of Transportation**
(206) 684-7623 (ROAD)
www.seattle.gov/transportation
Twitter @seattledot

**King County Road Services Division**
Road Maintenance (206) 296-8100
www.kingcounty.gov/transportation/kcdot/roads

**Mga Lungsod sa Suburb**
Tumawag sa departamento ng pampublikong gawain at daan na matatagpuan sa iyong lungsod.

## KAWALAN NG KURYENTE

**Seattle City Light**
(206) 684-3000
www.seattle.gov/light
Twitter @SEACityLight

**Puget Sound Energy**
1 (888) 225-5773
www.pse.com
Twitter @PSETalk

## MGA KONDISYON NG HIGHWAY AT FERRY

**Washington State Department of Transportation**
Mga Kundisyon ng kalye tumawag sa 511
www.wsdot.wa.gov/traffic
Twitter @wsdot_traffic

**Washington State Ferry Information**
Sa buong estado i-dial ang 511
Sa Seattle (automated) (206) 464-6400
www.wsdot.wa.gov/ferries
Twitter @wsferries

**2019-2020**

Seattle Department of Transportation

# LAGAY NG PANAHON SA WINTER





TAGALOG

## MGA BAGYO KAPAG WINTER - HETO ANG AMING PLANO

Sa Seattle, ay winter ay maaaring magdala ng matinding ulan, malalakas na hangin, yelo at snow. Handa na kami.

- Sinusubaybayan ng aming staff ang mga ulat ng lagay ng panahon nang 24 oras, buong taon, na may direktang linya sa National Weather Service at live Doppler radar feeds.
- Kami ay gumagamit ng forecasting tool na ginawa ng University of Washington na tinatawag na SNOWWATCH para matutunan kung paano marahil makaka-apekto ang isang bagyo sa iba't ibang mga neighborhood. Ang impormasyon na ito ay makakatulong na matukoy kung saan mauunang kakailanganin ang mga tauhan.
- Ang mga computerized na sensor na matatagpuan sa mga tulay sa lungsod, at pati na rin mga sensor sa ibabaw ng lupa, ay nagkakaloob ng nasa-oras at wastong temperatura ng hangin at ibabaw ng kalsada.
- Gumagamit kami ng real-time, live streaming na mga camera para makita ang mga aktuwal na kondisyon ng mga pangunahing kalsada. Makikia mo ang mga pananaw ng camera sa website ng SDOT, sa www.seattle.gov/travelers.

Ang Lungsod ng Seattle ay gumagamit ng "proactive" na pamamaran, sa pamamagitan ng pinakamainam na mga pamamalakad sa pagtugon sa snow at yelo:

- Gumagamit ang mga crew ng SDOT ng mga trak na may plow o pang-araro at mga nagkakalat ng asin para mapanatiling malinis ang mga pangunahing kalsada.
- Bago magsimulang mag-snow, patuloy na nagpupunta sa kanilang mga ruta ang mga crew, at hinahagisan ng asin ang mga daanan kung saan kailangan. Kapag may sapat nang isang pulgada ng snow ang naipon, nagsisimula na silang mag-pala.
- Kapag nag-snow, isang Global Positioning Satellite (GPS) na sistema ang nagsusubaybay sa mga lokasyon ng mga trak. Isang mapa sa website ng SDOT ang nagpapakita kung nasaan ang mga sa trak sa aktuwal na oras at kung aling mga daan ang napuntahan na ng mga trak. Habang may bagyo, maaari mong makita ang mapa sa aming website sa www.seattle.gov/sdot/winterweathermap

## KAPAG PARATING SA ATIN ANG MGA BAGYO - NAGHAHANDA NA KAMI

Aming lilinisin ang mga pangunahing kalsada. Ang mga ito ang pangunahing mga ruta para sa mga sasakyang pang-emerhensya, pampublikong transportasyon at karamihan sa trapiko sa daan. Ito ang mga kalye na pinakamahalaga para makarating sa mga pangunahing pampublikong institusyon tulad ng mga ospital at paaralan, ang mga kalye na pinakamadalas na ginagamit ng pulis, mga bumbero at bus, at ang mga kalye na nagtutungo sa mga pangunahing employer ng Seattle. Tandaan, hindi pinapala ng SDOT ang mga sumasangay na kalye.

- Nagsisimula kaming maghanda sa winter habang summer pa lang: sinasanay ang mga staff, inaayos ang mga kagamitan at nakipagtutulungan sa mga kasosyong lokal na ahensya.
- Kapag ang malalakas na hangin o matinding ulan ay inaasahan na dumating, ang aming mga crew ay handang alisin ang mga bumagsak na puno mula sa daan, at ayusin ang mga karatula at senyales.
- Ang aming mga supply na asin at liquid anti-icer ay handa nang tumulong para maiwasan ang pagbuo ng yelo mula sa pangunahing mga kalsada at tulay.

## MGA WEBSITE NG SDOT NA MAY NAKAKATULONG NA IMPORMASYON

www.seattle.gov/transportation/winterweather.htm
https://takewinterbystorm.org/
www.seattle.gov/travelers
Twitter @SDOTtraffic
sdotblog.seattle.gov
www.seattletraffic.org

## SEATTLE SQUEEZE – MGA EPEKTO SA PAGBIYAHE

Higit pa sa mga buwan kapag winter, kung paano nakakapagbiyahe ang mga tao ay lubos na nag-iiba sa buong taon. Ang Lungsod ng Seattle ay nakakaranas ng bagong era ng matinding trapiko. Sa loob ng susunod na limang taon, ang downtown ng Seattle ay sasailalim sa isang transisyon para matugunan ang mga pangangailangan ng ating umuunlad na lungsod. Tinatawag ng mga transportation engineer ito bilang ang transisyonal na yugto ng Seattle Squeeze. Sa panahong ito, ang mga taong bumibiyahe sa loob at sa palibot ng downtown ay maaapektuhan ng dumaraming konstruksyon, na hahantong sa mas matitinding siksikan ng sasakyan na may mga dagdag na pagsasara sa mga kalye at patuloy na mga pagkakaantala.

**Ano ang limang madadaling hakbang na magagawa ninyo para mabago ang inyong pag-commute?**

1. Mag-plano nang maaga at asahan ang mas matinding trapiko sa mga kalye sa downtown.
2. Maglaan ng dagdag na oras para maabot ang inyong destinasyon.
3. Subukan ng bagong paraan ng transportasyon tulad ng paglalakad, pamimisikleta, o pagsakay sa bus o light rail. Iwasan hangga't maaari ang pagmamaneho na mag-isa.
4. Bumisita sa www.seattle.gov/traffic para sa mga tool at impormasyon na kailangan ninyo para makaikot-ikot habang #SeattleSqueeze.
5. Magtiis ng kaunti at maging mabait sa inyong kapwa biyahero/a. Sama-sama tayo dito!

Ang Lungsod ng Seattle at ang WSDOT ay nagkaisa para mapakaunti ang mga epekto hangga't maaari sa mga panahon ng matinding pagkasiksikan ng trapiko.

## PAG-AALIS NG SNOW AT YELO MULA SA MGA SIDEWALK

Dahil ang Puget Sound Convergence Zone ay lumilikha ng nasabing hindi inaasahang lagay ng panahon, umaasa kami sa mga residente na linisin ang mga kalapit na right-of-way na espasyo. Sa katotohanan, ang Title 15 ng Seattle Municipal Code ay tumatawag sa mga may-ari ng ari-arian at mga contractor para linisin, o ayusin ang mga katabing pampublikong right-of-way.

Sa Title 15, pananagutan ng may-ari ng arian o sa namamalagi dito (tulad ng contractor) na pangalagaan ang mga sidewalk o iba pang mga elemento ng right-of-way na katabi ng pribadong ari-arian sa napapanahong paraan. Ang paglilinis ng snow bago ito mag-yelo ay pinakamainam, at ang pagkakaroon parati ng pala at isang bag ng street salt ay mainam na kilos para sa paghahanda sa winter.

# MGA QUICK TIP PARA SA PANAHON NG WINTER

## MAGSUOT NG TAMANG PANANAMIT KAPAG WINTER



## TULUNGAN ANG MGA KAPIT-BAHAY:

- Linisin ang mga sidewalk
- Mga grocery at supply



## INAALIS NG SDOT ANG MGA YELO AT SNOW MULA SA MGA PANGUNAHING KALYE




## LINISIN ANG MGA SIDEWALK MULA SA MGA DAHON, SNOW, AT YELO



## ALAMIN ANG SCHEDULE NG RUTA NG BUS KAPAG MAY SNOW GUMAMIT NG BUS




## PAKINGGAN ANG MGA BALITA TUNGKOL SA KALAGAYAN NG PANAHON



## SUMUNOD SA MGA KARATULA NA NAKASULAT NA "STREET CLOSED" (SARADO ANG KALYE)




## KOTSE:

- Magmaneho sa daan na may snow kung kinakailangan lang
- Linisin ang mga bintana
- Tiyakin na maayos ang mga gulong; ihanda ang mga traction device
- Bagalan ang pagmamaneho
- Hayaang may sapat na espasyo sa pagitan ng mga kotse



## ANO ANG IPINAPAKITA SA MAPA

Ang mga snow route (mga ruta na dadaanan sa paglilinis ng snow) ng SDOT ay nagpapakita sa antas ng serbisyong nakaplano para sa bawat kalye, at hindi kung aling mga kalye ang mauunang papalain. Kami ay magkakaloob ng pinakamataas na antas ng serbisyo sa pinakamahahalagang kalye sa loob ng Lungsod ng Seattle na inaalagaan ng lungsod. (Pinananatiling maayos ng estado ang I-5 at ilang mga tulay sa Seattle.) Napili ang mga kalyeng ito dahil sila ang pinaka-busy na kalye na kumokonekta sa mga neighborhood ng Seattle patungong downton at sa malaking bahagi ng Puget Sound. Habang may bagyo ng snow sa buong lungsod, ang estratehiya ng SDOT ay gamutin ang mga kalye sa parehong antas ng mga serbisyo at sabay dito ay panatiliing dumadaloy ang trapiko.

Tandaan, hindi pinapala ng SDOT ang mga sumasangay na kalye.

## MGA ANTAS NG SERBISYO

Ipinapakita sa mapa ang iba't ibang mga snow route sa dalawang magkaibang kulay, kulay ginto at emerald.

Mga Snow route na Kulay Ginto: Ito ang mga kalye sa buong rehiyon na mahalaga para sa mga ospital, bus, malalaking trak at mga pangunahing kompanya. Ang layunin ng SDOT ay magkaloob ng malinis at basang kalsada sa lahat ng mga daanan sa loob ng 12 oras mula nang makalma ang bagyo.

Mga Snow route na Kulay Emerald: Ito ang mga kalye sa buong lungsod na mahalaga para sa mga ospital, bus at pangkalahatang trapiko. Ang layunin ng SDOT ay magkaloob ng malinis at basang kalsada para sa isang lane sa bawat direksyon sa loob ng 12 oras mula nang makalma ang bagyo.

## KOORDINASYON SA SISTEMA NG BUS

Ang SDOT at ang King County Metro Transit ay maingat na nagtutulungan para siguraduhin na ang snow route ay nakakatugon sa mga pangangailangan ng publiko na sumasakay sa transit. Ang mga snow route ay kinabibilangan ng mga kalye na ginagamit ng mga Metro bus kapag bumabagsak ang snow.

## IBA PANG MGA KALYE

May ilang mga kalye na hindi malilinis o magagamot ng asin ng mga crew ng SDOT. Ang mga ito ay mga hindi masyado dinadaanan na mga kalye, at ang mga kalye sa mga bundukin na madalas ay nagiging mapanganib para sa publiko at para sa mga trak ng SDOT habang panahon ng tag-yelo at snow.

Alam ng aming mga crew kung aling mga matatarik na kalye ang madalas na hindi nagiging ligtas sa pagmamaneho kapag bumabagsak ang snow. Ang mga crew ay nagtatabi ng mga karatula ng 'Street Closed' (Saradong Kalsada) sa mga sidewalk at sa mga kanto ng mga kalyeng ito sa umpisa ng winter upang handang magamit ang mga ito kapag kinakailangan para isara ang mga kalsada. Kapag nagpasya ang mga Opisyal ng Pulisya ng Seattle na hindi ligtas ang isang kalsada para magmaneho, inililipat nila ang mga karatula ng 'Street Closed' sa gitna ng daan.

Para sa iyong kaligtasan, mahalagang sundin ang mga karatula ng 'Street Closed' kahit na ang isang kalsada ay tila ligtas para sa iyo. Maaaring may yelo sa ilalim ng snow, o maaaring may maproblemg parte na hindi mo natatanaw.

# ANTAS NG SERBISYO NG SNOW/YELO

**GINTO**
Ang lahat ng mga daanan sa pagbiyahe na walang nakalagay o basa sa loob ng 12 oras na humupa ang bagyo

**EMERALD**
Isang daanan sa bawat direksyon na walang nakalagay at basa sa loob ng 12 oras na humupa ang bagyo




DOWNTOWN
DENNY WAY
ELLIOTT AVE
WESTERN AVE
ALASKAN WAY
VINE ST
4TH AVE
LENORA ST
VIRGINIA ST
STEWART ST
PIKE PL
PINE ST
PIKE ST
HOWELL ST
MELROSE AVE
SUMMIT AVE
BOYLSTON AVE
MINOR AVE
BOREN AVE
TERRY AVE
9TH AVE
8TH AVE
MARION ST
JAMES ST
YESLER WAY
Lake Union
Elliott Bay
Lake Washington
Puget Sound
MAGNOLIA BR
W GALER ST
ELLIOTT AVE W
ROY ST
MERCER ST
QUEEN ANNE AVE N
DEXTER AVE N
WESTLAKE AVE N
FAIRVIEW AVE N
EASTLAKE AVE
LAKEVIEW BLVD E
E BOSTON ST
E GALER ST
E ALOHA ST
BROADWAY E
12TH AVE E
15TH AVE E
19TH AVE E
24TH AVE E
E JOHN ST
E PINE ST
E UNION ST
E MADISON ST
MCGILVRA BLVD E
E DENNY WAY
M L KING JR WAY
34TH AVE
LAKE WASHINGTON BLVD
E CHERRY ST
E JEFFERSON ST
E YESLER WAY
14TH AVE
23RD AVE
S JACKSON ST
S DEARBORN ST
ALASKAN WAY S
12TH AVE S
23RD AVE S
31ST AVE S
LAKESIDE AVE S
EDGAR MARTINEZ DR S
S MASSACHUSETTS ST
S PLUM ST
S WALKER ST
S LANDER ST
AIRPORT WAY S
17TH AVE S
S MCCLELLAN ST
S MOUNT BAKER BLVD
1ST AVE S
4TH AVE S
S SPOKANE ST
S INDUSTRIAL WAY
S COLUMBIAN WAY
38TH AVE S
S GENESEE ST
S ALASKA ST
6TH AVE S
15TH AVE S
BEACON AVE S
50TH AVE S
S ORCAS ST
SEWARD PARK AVE S
WILSON AVE S
M L KING JR WAY S
S MICHIGAN ST
S ALBRO PL
SWIFT AVE S
CARLETON AVE S
ELLIS AVE S
EAST MARGINAL WAY S
S MYRTLE ST
S OTHELLO ST
S HOLDEN ST
8TH AVE S
S CLOVERDALE ST
14TH AVE S
RAINIER AVE S
CARKEEK DR S
S HENDERSON ST
S ROXBURY ST
WATERS AVE S
RENTON AVE S
51ST AVE S
62ND AVE S
64TH AVE S
AIRPORT WAY S
S BANGOR ST
BEACON AVE S
OLSON PL SW
MYERS WAY S
1ST AVE S
2ND AVE SW
ALKI AVE SW
SW SEATTLE ST
SW ADMIRAL WAY
HARBOR AVE SW
SW HANFORD ST
63RD AVE SW
49TH AVE SW
SW CHARLESTOWN ST
WEST SEATTLE BR EB
55TH AVE SW
SW GENESEE ST
SW OREGON ST
SW AVALON WAY
SW ALASKA ST
BEACH DR SW
ERSKINE WAY SW
FAUNTLEROY WAY SW
35TH AVE SW
DELRIDGE WAY SW
SW DAWSON ST
WEST MARGINAL WAY SW
16TH AVE SW
48TH AVE SW
SW MORGAN ST
SYLVAN WAY SW
CALIFORNIA AVE SW
SW HOLDEN ST
41ST AVE SW
SW THISTLE ST
SW TRENTON ST
SW HENDERSON ST
9TH AVE SW
SW BARTON ST
SW ROXBURY ST
8TH AVE SW
SW 100TH ST
SW 106TH ST
MARINE VIEW DR SW
N